

Mga Madalas Itanong: Panghuling Panuntunan ng Public Charge at Mga Pampublikong Benepisyo

Bago at tama ang impormasyong ito mula Enero 30, 2020.

1. Ano ang public charge at kailan magkakabisa ang panghuling panuntunan ng public charge?

Noong Enero 27, 2020, inalis ng [Korte Suprema](#) ang utos na pumipigil sa paggawa ng partikular na aksyon sa buong bansa na nagpatigil sandali sa pagpapatupad ng panuntunan ng public charge. Ito ang huli sa natitirang mga utos ng pagpigil sa paggawa ng partikular na aksyon ng tatlong korte ng distrito sa buong bansa, na nangangahulugang magkakabisa ang panuntunan ng Kagawaran ng Seguridad ng Sariling Bayan (Department of Homeland Security, DHS) sa buong bansa, maliban sa Illinois kung saan ito ay hinahadlangan ng utos ng pagpigil sa paggawa ng partikular na aksyon sa buong estado. Nauunawaan namin na ipapatupad ng DHS ang panghuling panuntunang ito sa o pagkatapos ng Pebrero 24, 2020.

Ang “public charge” ay isang pagsusuri na ginagamit ng Mga Serbisyo sa Pagkamamamayan at Imigrasyon ng Estados Unidos (US Citizenship and Immigration Services, USCIS) upang magpasya kung sino ang papayagan nilang makapasok sa Estados Unidos, sino ang maaaring mag-renew ng ilang partikular na pansamantalang visa at kung sino ang maaaring makakuha ng Permanenteng Paninirahan ayon sa Batas (Lawful Permanent Residency, LPR)—kilala rin bilang green card. **TANDAAN: Ang public charge ay hindi naaangkop sa mga LPR na nagpepetisyong maging banyagang pinayagang maging mamamayan ng Estados Unidos (naturalized U.S. citizen).**

2. Ano ang magbabago sa panghuling panuntunan ng public charge?

Ayon sa panghuling panuntunan, muling binigyan ng kahulugan ng Department of Homeland Security ang public charge bilang isang tao na “mas malamang” na tumanggap ng mga pampublikong benepisyo nang mahigit sa 12 buwan sa loob ng anumang 36 na buwang panahon.

Ang mga sumusunod ay listahan ng mga pampublikong benepisyo na kasama na ngayong isasaalang-alang:

- CalWORKs
- General Assistance (GA)
- Supplemental Social Security (SSI)
- Pangmatagalang Pangangalaga
- Medi-Cal
- CalFresh
- Pampublikong Pabahay
- Section 8 na Tulong

3. Mayroon bang mga benepisyo na hindi kasama sa panghuling panuntunan?

Oo, ang sumusunod ay listahan ng mga benepisyo na hindi kasamang isasaalang-alang:

- Medi-Cal para sa mga bata at buntis na babae
- Tulong sa Sakuna
- Mga Programa ng Nutrisyon sa Paaralan
- Women, Infants, and Children (WIC)
- Foster Care at Pag-aampon
- Head Start
- Earned Income Tax Credit (EITC)
- Child Tax Credit (CTC)

4. Kailan gagamitin ang panghuling panuntunan ng public charge?

Gagamitin ang bagong panuntunan ng public charge sa ilang partikular na bahagi ng daan sa imigrasyon:

- Kapag nag-apply ang indibiduwal na pumasok sa Estados Unidos
- Kapag nag-apply ang indibiduwal na maging mga Permanenteng Residente ayon sa Batas (Lawful Permanent Residentes, LPR) sa pamamagitan ng miyembro ng pamilya o employer

5. Gagamitin ba ang panghuling panuntunan ng public charge sa lahat ng imigrante?

Hindi, ang sumusunod ay listahan ng mga kategoryang hindi kasama:

Mga Madalas Itanong: Panghuling Panuntunan ng Public Charge at Mga Pampublikong Benepisyo

- Mga Naturalized na U.S. Citizen
- Mga Lawful Permanent Resident
- Mga Refugee at Mga Asylum
- Special Immigrant Juvenile Status
- Mga May U-Visa at T-Visa
- Mga Nagpepetisyon sa Sarili na May Kaugnayan sa Batas Laban sa Karahasan sa Kababaihan (Violence Against Women Act, VAWA)
- Deferred Action Childhood Arrivals (DACA)
- Temporary Protected Status (TPS)
- Mga Afghan at Iraqi na Espesyal na Imigrante
- Mga indibiduwal na binigyan ng tulong sa ilalim ng:
 - CAA
 - NACARA
 - HRIFA

6. **Mayroon akong mga tanong tungkol sa aking katayuan sa imigrasyon at kung dapat bang mag-apply para sa mga pampublikong benepisyo. Sino ang dapat kong kausapin tungkol sa aking mga tanong?**

Hinihikayat ng Ahensiya ng Mga Serbisyong Panlipunan ang mga indibiduwal at pamilya na humingi ng payo mula sa respetadong mga non-profit na nagbibigay ng serbisyo tungkol sa imigrasyon kasama ang ngunit hindi limitado sa mga sumusunod na referral:

- Asian Pacific Islander Legal Outreach (510) 251-2846
- Bay Area Legal Aid (510) 663-4744
- Catholic Charities of the East Bay (510) 437-1554
- Centro Legal De La Raza (510) 437-1554
- East Bay Community Law Center (510) 548-4040
- International Institute of the East Bay (510) 451-2846

7. **Nagbago ba ang pagiging karapat-dapat para sa mga pampublikong benepisyo?**

Hindi. Hindi nagbago ang mga panuntunan para sa mga pampublikong benepisyo at mga serbisyo ng California. Hindi magbabago ang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat para sa mga indibiduwal at pamilya. Magpapatuloy ang Ahensiya ng Mga Serbisyong Panlipunan na iproseso ang lahat ng application at renewal at magbigay ng mga benepisyo sa mga karapat-dapat na indibiduwal at pamilya gaya ng ginawa nila bago ang bagong panuntunan ng public charge.

8. **Ano ang ibig sabihin nito sa mga indibiduwal at pamilyang kasalukuyang tumatanggap ng mga pampublikong benepisyo at mayroong mga nakabinbing kaso sa imigrasyon? Ano ang dapat nilang gawin?**

Ang bawat kaso sa imigrasyon ay mayroong natatanging pangkat ng mga kondisyon, walang magkaparehong dalawang kaso. Ang mga indibiduwal at pamilya ay dapat irekomendang makipag-usap sa isang respetadong abugado sa imigrasyon. **Hindi magbibigay ang tauhan ng Ahensiya ng Mga Serbisyong Panlipunan ng anumang legal na gabay sa mga indibiduwal at pamilya.**

9. **Ang mga indibiduwal at pamilya ay nababahala sa privacy ng kanilang impormasyon. Paano ginagamit ng Ahensiya ng Mga Serbisyong Panlipunan ang impormasyong ibinibigay nila?**

Ginagamit ng Ahensiya ng Mga Serbisyong Panlipunan ang ibinigay na impormasyon upang malaman lamang kung narapat ang mga indibiduwal at pamilya para sa mga benepisyo. Walang access ang pederal na pamahalaan sa mga sistema ng Ahensiya para sa aksyon sa pagpapatupad ng imigrasyon. Maaaring kailanganin ng Ahensiya ng Mga Serbisyong Panlipunan na beripikahin ang ibinigay na

Mga Madalas Itanong: Panghuling Panuntunan ng Public Charge at Mga Pampublikong Benepisyo

impormasyon sa isang application para sa pampublikong benepisyo sa pederal na pamahalaan, ngunit upang makumpirma lamang ang pagiging karapat-dapat na tumanggap ng mga serbisyo. Hindi ibinabahagi ng Ahensiya ang anumang impormasyon tungkol sa mga miyembro ng sambahayan na hindi nag-a-apply para sa mga benepisyo, ang ibinigay na impormasyon lamang tungkol sa magtutustos ng salapi.

10. Ang pagtigil sa mga benepisyo ba ay aalisin ang impormasyon ng kaso mula sa mga sistema ng computer ng Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan ng CA?

Hindi. Ang mga pang-estado at lokal na sistema ng computer ay nagpapanatili ng rekord ng lahat ng kaso, kaya patuloy na magkakaroon ng impormasyon sa file ang Ahensiya ng Mga Serbisyong Panlipunan.

11. Saan maaaring makahanap ang mga indibiduwal ng karagdagang impormasyon sa public charge?

- [Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California \(California Department of Social Services\)](#)
- [Samahan ng Mga Direktor ng County para sa Kapakanan ng California \(County Welfare Directors Association of California\)](#)
- [Pambansang Center ng Batas tungkol sa Imigrasyon \(National Immigration Law Center\)](#)
- [Center ng Patakaran sa Imigrante ng California \(CA Immigrant Policy Center\)](#)

12. Magbabahagi ba ng mas maraming impormasyon tungkol sa bagong panuntunan ng public charge?

Oo. Pumunta sa website ng Tanggapan ng Patakaran, Pagsusuri at Pagpapalano para sa pinakabagong [mga mapagkukunan tungkol sa imigrasyon](#). Tingnan ang [Anunsyo sa Publiko tungkol sa public charge](#) para sa karagdagang impormasyon.